

**SARILI MONG PANALANGIN**

**PANALANGIN**



# PANALANGIN SA UMAGA

**SIYAO, HESUS, SA BAGONG ARAW NA ITO AT SA BUHAY NA  
NAGAGANAP MO SA AKIN.**


**KARUNUNGAN AT LAKAS NA IYONG IBINIGAY.**

**RAW NA ITO, PAKIUSAP, PATNUBAYAN MO AKO SA LAHAT  
GAWIN AT SASABIHIN.**

**BASBASAN MO PO ANG AKING PAMILYA, INGATAN MO  
GKALOOB ANG AMING MGA PANGANGAILANGAN SA ARAW**

**ASAYA KITA SA LAHAT NG AKING GAGAWIN NGAYON AT  
G AKO SA PAGPAPALAGANAP NG IYONG KAHARIAN.**

**GIN KO ITO SA PANGALAN NI HESUKRISTO.**



# SARILI MONG PANALANGIN

This image shows a full page of blank, lined paper. It features approximately 20 evenly spaced horizontal grey lines across its entire width, providing a template for handwriting practice or general note-taking. The margins are consistent on all sides.

# PANALANGIN PARA SA KAGALINGAN

SALAMAT, PANGINOONG HESUS, SA IYONG PAG-AARUGA AT PAGPAPAGALING SA AMING BUHAY.

ALAM KO NA IKAW ANG DAKILANG MANGGAGAMOT, PUNONG-PUNO NG PAG-IBIG AT AWA. ALAM KO RIN NA LAHAT NG KARAMDAMAN AT PAGHIHIRAP AY HINDI NAGMULA SA IYO KUNDI SA MASAMA.

NGAYON, HINDI AKO NASA MABUTING KALAGAYAN (SABIHIN KUNG ANO ANG NARARAMDAMAN).

IDINADALANGIN KO NA PAGALINGIN MO AKO SA AKING KARAMDAMAN.

O KUNG IPINAPANALANGIN ANG IBA:

PANGINOON, ANG TAONG ITO (PANGALAN) AY MAY SAKIT (SABIHIN KUNG ANO ANG KANYANG KARAMDAMAN).

SA IYONG MAKAPANGYARIHANG PANGALAN, HESUS, INUUTUSAN NAMIN ANG KARAMDAMANG ITO NA LUMAYO.

PINAPAWALANG-BISA NAMIN ITO AT INILALAPAT ANG IYONG KAGALINGAN SA KANILANG KATAWAN, SA IYONG PANGALAN.

NANINIWALA AKO NA ANG TAONG ITO (PANGALAN) NA IYONG PINAGALING AY MAGPAPATOTOO SA IYONG KABUTIHAN AT KAPANGYARIHAN, NA SIYANG MAGPAPALAWAK NG IYONG KAHARIAN.

IDINADALANGIN KO ITO SA PANGALAN NI HESUKRISTO.

AMEN.



# PANALANGIN SA GABI

SALAMAT, HESUS, SA PAG-INGAT SA AMIN AT SA PAGKALOOB NG LAHAT NG AMING KINAILANGAN NGAYONG ARAW.

SALAMAT SA MAGAGANDANG BAGAY AT PATI SA MAHIHIRAP NA BAGAY.

NGAYONG GABI, IDINADALANGIN KO NA MAGKAROON KAMI NG MAHIMBING AT PAYAPANG PAGTULOG.

PANGINOON, INGATAN MO KAMI LABAN SA MASAMA AT SA ANUMANG PANGANIB.

BIGYAN MO KAMI NG MGA PANGARAP NA MAGPAPATIBAY NG AMING PAG-IBIG AT PAGKILALA SA IYO.

INIAALAY KO MULI ANG AKING BUHAY SA IYONG PANGALAN, HESUS.

AMEN.



# BIYAYA

(Panalangin Bago Kumain)

SALAMAT SA IYO, HESUS, SA IYONG PROBISYON AT SA PAGKAIN NA ITO.

PINAPALA NAMIN ANG PAGKAING ITO SA PANGALAN NI HESUS, NAWA'Y MAGDULOT ITO NG KABUTIHAN AT HINDI NG ANUMANG KAPAHAMAKAN.

HABANG KUMAKAIN KAMI NITO, NAWA'Y PALAKASIN ITO ANG AMING MGA KATAWAN UPANG MAKAPAGLINGKOD KAMI SA IYO AT MAPALAWAK ANG IYONG KAHARIAN.

NAWA'Y ANG LAHAT NG TUMULONG SA PAGHAHANDA NG PAGKAIN NA ITO AY MAKATANGGAP NG BIYAYA MULA SA IYO.

IDINADALANGIN KO ITO SA PANGALAN NI HESUKRISTO.

AMEN.



# PANALANGIN UPANG MAPALAYA SA MGA PASANIN AT SULIRANIN

PINAPASALAMATAN AT PINAPALA KITA, HESUS, KAHIT NASA GITNA AKO NG PASANIN/PROBLEMA NA ITO... (BANGGITIN ITO).

NANINIWALA AKO NA PALAGI MONG INAIS ANG MABUTI PARA SA AMIN, UPANG TULUNGAN KAMING LUMAGO AT MAGING KATULAD MO, HESUS.

NAWA'Y BIGYAN MO KAMI NG KARUNUNGAN AT GABAYAN KAMI SA PAGHANAP NG SOLUSYON SA PROBLEMANG ITO, AYON SA IYONG KALOOBAN.

INILALAGAK KO ANG BUONG TIWALA KO SA IYO, PANGINOON, AT HINDI AKO MABABAHALA SAPAGKAT ALAM KO NA PALAGI KANG SUMASAGOT SA TAMANG PANAHOON.

NAWA'Y ANG SAGOT MO SA PANALANGING ITO AY MAGDULOT SA AMIN NG MAS MARAMING TIWALA SA IYO AT MAGING DAAN UPANG ANG IBA AY MAKAKITA NG IYONG PAG-IBIG AT KAPANGYARIHAN, UPANG ANG IYONG KAHARIAN AY LALO PANG MAPALAWAK.

IDINADALANGIN KO ITO SA PANGALAN NI HESUKRISTO.

AMEN.

